


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

**3**

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3:
## Pananalig sa Diyos, Tukuyin Mo.



**Pangalan:**___________________________________________

**Baitang at Seksyon:**_________________________________

**Paaralan:**___________________________________________



# Alamin

May pananalig kaba sa Diyos? Paano ka mananalig sa Diyos?

Ang mga Pilipino ay may Iba'tibang relihiyon, islam man o kristyano may kanya –kanyang paraan ng pananalig sa Diyos.

Sa modyul na ito magkaroon ng kamalayan sa paraan ng pananalig sa Diyos.

Layunin:

- Natutukoy ang ibat-ibang paraan ng Pananalig sa Diyos.

***Kasanayang Pampagkatuto:***
**EsP3PDIVa-7.1.3**

- Ibat't-ibang paraan ng Pananalig sa Diyos.



https://bit.ly/3ownaOl
Men pray at the Khadeeja Islamic Center in West Valley City on Friday, June 29, 2012. *Kristin Murphy, Deseret News*



https://bit.ly/2JvTbXY



https://bit.ly/3orjQnm



## Subukin

Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Anong relihiyon ang hindi pwedeng magtitinda tuwing Sabado?
   A. Katoliko C. Seventh Day Adventist
   B. Islam D. Baptist

2. Anong relihiyon ang hindi pwedeng magtitinda tuwing Sabado?
   A. Katoliko C. Seventh Day Adventist
   B. Islam D. Baptist

3. Isa sa paraan ng pagpapakita ng pananalig sa Diyos, ay ang__________
   A. pagtawanan ang ibang relihiyon
   B. iwasan ang mga tao sa ibang relihiyon
   C. respetuhin ang kanilang paniniwala
   D. magalit sa ibang relihiyon.

| Modyul 3 | Katapatan at Pananalig sa Diyos, Itukoy Mo! |
|---|---|

Sa modyul na ito matutukoy at makapagbigay ng iba't-ibang paraan ng pakikipag-ugnayan at pananalig sa Diyos sa ibang relihiyon.



## Balikan

**Panuto**: Iguhit sa kahon ang **(****)** kung tama ang ipinapakita sa pangungusap at **(****)** kung mali.

☐ 1. May isang Boy Scout sa simbahan habang siya ay nanalangin ng taimtim, may dalawang babae na kumakanta ng Korean Song.

☐ 2. Pinagtatawanan si Thea habang siya ay nanalangin.

☐ 3. Sa isang pook sambahan ay sinusulatan ng mga bata ang mga upuan.



# Tuklasin

May Iba't-ibang pangalan o katawagan ang bawat relihiyon sa kanikanilang Diyos. Pananalig sa Diyos, ito ang nagbigay ng lakas sa mga tao sa oras ng kagipitan at pinupunan ang kanilang mga pangangailangan. Ang relihiyon ay ang ugnayan ng Diyos at tao. Naniniwala ang mga kristiyano at muslim sa kanilang kinabibilangang relihiyon, na may iba't ibang katapatan at pananalig. Iba't iba rin ang Araw ng pagsamba, ang mga miyembro ng bawat simbahan doon ay manalangin ng taimtim. Lahat ng ito ay itinuturo sa mga tao upang panindigan ang katapatan ng bawat relihiyon. Ang muslim ay may pagdiriwang at kapistahan gaya ng Ramadan, Eid al-Fitr, Eid al-Adha at Eid Milad un Nabi at ang mga Katoliko ay may pagdiriwang at kapistahan tulad ng Pasko, Kuwaresma, Mahal na Araw, at kapistahan ng mga Santo. Dito sila makapagpahayag, at makapagpasalamat sa mga biyayang pinagkaloob sa kanila.

1. Ano-anong pagdiriwang mayroon ang muslim?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano-anong pagdiriwang mayroon ang mga Katoliko?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Magkapareho ba ang pananalig ng mga relihiyon?

   ______________________________________________

   ______________________________________________



# Suriin

1. **Islam** -ay nagpapahayag o **Shahadah**./Pagpapatotoo ng Pananampalataya.

- **Allah-**ang tawag ng mga muslim sa kanilang nag- iisang Diyos.
- **Muhammad-** ang pinakadakilang propeta ng muslim.
- **Koran-**ang sagradong aklat ng mga muslim ito ay naglalaman ng mga habilin kung paano didisiplinahin ang sarili, sumamba, at ano ang dapat na paniwalaan ng mga muslim.
- **Moske**-bahay sambahan ng muslim.
- Limang beses na nalangin ang mga muslim sa isang araw
- **Imam-** ang kinikilalang pinuno ng islam.

2. **Katoliko-** naniniwala sila sa anak ng Diyos na si **Hesus.**

- **Santo Papa**- ang pinakataas na pinunong espiritwal ng mga Katoliko.
- **Obispo o mga pari-** mga lokal na pinunong espiritwal katuwang ng Santo Papa.
- **Misa o Banal na Eukaristiya-**pinakamataas ng panalangin ng mga Katoliko.
- **Pagdiriwang at Kapistahan :**Adbyento, Kwaresma, Mahal na Araw, Pasko ng Pagkabuhay at Pentekostes.

**3.Iglesiani Cristo**-sila ay naniniwala na hindi sapat na miyembro ka lamang ng Iglesia para maligtas. Kailangan ang pagbabagong buhay at pagsunod sa utos ng Diyos hanggang kamatayan.

- **Ang Ama** –ang nag- iisang Diyos ng Iglesia ni Kristo.
- **BIBLIYA**-ang basehan ng mga aral ng INC
- **Ministro-** ay ang mga may karapatan na mangaral ng salita ng Diyos Kaming mga miyembro ay hindi nangangaral.
- **Sta-Cena-** ang pag-inom ng ubas at tinapay ng miyembro.

**4.Seventh-day Adventist**-sila ay nagsisimba tuwing Sabado.

- **Sabado**-ay araw ng pamamahinga, bawal sila magtrabaho sa araw na ito.
  -ipinagbabawal ang magtinda at mamili sa mga

miyembro ng SDA.

-bawal sa kanila ang magsuot ng mga alahas.



# Pagyamanin

**Panuto**: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang tawag ng mga muslim sa kanilang banal na aklat ay_____?
   A. Bibliya B. Koran C. Diksyunaryo D. aklat
2. Isa sa mga Pagdiriwang ng mga Katoliko ay Kuwaresma bilang paggunita sa___________?
   A. Pagkabuhay ni Hesus
   B. Pagpapako, pagpapasakit at Pagkamatay ni Hesus
   C. Ang Kaarawan ni Hesus
   D. Piyesta
3. Ayon sa Iglesia ni Cristo ang _____lang ang may karapatan na mangaral ng salita ng Diyos, ang mga miyembro ay hindi nangangaral.
   A. Imam B.Ministro C.Pari D. Guro



# Isaisip

**Panuto**: Isulat sa kahon ang iyong sagot.

| **Relihiyon** | **Lokal na Pinunong Espritwal** | **Tawag sa Panginoon** | **Pagdiriwang (1 lamang)** |
|---|---|---|---|
| Islam | | | |
| Katoliko | | | |



# Isagawa

**Panuto:** Lagyan ng tsek (/) ang kahon na nagsasabi kung gaano mo kadalas gawin o ipakita ang bawat kilos.

| Ako ay tapat sa Aking Relihiyon | Hindi | Bihira | Minsan | Lagi |
|---|---|---|---|---|
| 1.Ipagmalaki ko ang aking Relihiyon. | | | | |
| 2. Ang mga katuruan ng aking relihiyon ay ibinabahagi ko | | | | |
| 3. Ako ay nakikibahagi sa mga pagdiriwang at tradisyon ng aking relihiyon. | | | | |



# Tayahin

**Panuto:** Ikahon ( ) ang titik ng tamang sagot.

1. Si Rebecca ay isang Iglesia ni Cristo pumunta siya sa simbahan dahil may pagdiriwang na Sta-cena.
   Anong ibig sabihin nito ?
   A. Pa-inom ng ubas at tinapay B. Pagkain ng Karne
   C. Pagpahinga D.Pagdiriwang ng Kaarawan
2. Kayong dalawa ni Shannel ay mga Katoliko at si Jamaica ay isang muslim, pinapunta kayo ni Jamaica dahil kaarawan niya, naghahanap si Shannel ng lechon baboy.
   Ano ang sasabihin mo kay Shannel?
   A. Huwag maingay
   B. Palabasin si Shannel.
   C. Sasabihan si Shannel na bawal sa kanila ito
   D. Oo nga masarap yon
3. Paano ipinagdiriwang ng mga Katoliko ang Pasko?
   A. Naghahanda ng masarap na pagkain
   B. Inihanda ang sarili para sa pagdating ng Pasko
   C. Pagbibili ng bagong damit
   D. Pagpapaganda ng bahay



# Karagdagang Kaalaman

Panuto: Kulayan ang simbolo ng pagsang- ayon kung ang pahayag ay tama at kung hindi sang ayon.

| | |
|---|---|
| | 1. Imam ang kinikilalang pinuno ng muslim. |
| | 2. Pari ang local na pinunong espiritwal ng mga Katoliko |
| | 3. Sta. Cena ay ang pag-inom ng ubas at tinapay ng Miyembro |



# Sanggunian


https://www.newmuslims.com/tl/lessons/93/
https://www.slideshare.net/icgamatero/mga-pangunahing-relihiyonsabuongmundo
https://www.slideshare.net/dionesioable/modyul-08-ang-simbahang-katoliko-isang-makapangyarihang-in
https://tl.wikipedia.org/wiki/Simbahang_Katolika_Romana?veaction=edit
https://www.worldvisionadvocacy.org/2019/11/14/20-bible-verses-about-thankfulness-to-god/
https://www.toughquestionsanswered.org/2015/01/19/will-worship-be-boring-in-heaven/
https://bit.ly/3ownaOI
Jakielou T. Alvaro, Pagpapakatao: Paghubog sa Pagkatao para sa Pagtibay ng Bansa-Ang Bagong Baitang 2 pages 288-305



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: Hernan M.Lutero
Teacher III
Habib Moin Anduhol Memorial Elem. Sch.
Zamboanga Sibugay Division

Editor: Jerick P. Mamac
Tagasuri: Baby Aida S. Awang
Mona Lisa M. Babiera, EPS-EsP
Tagapamahala:
Evelyn F. Importante, OIC-CID Chief EPS
Aurelio A. Santisas, OIC ASDS
Jerry C. Bokingkito , OIC ASDS